



Creating an inclusive community together



Istratehiya sa Kapansanan ng Australya 2021-2031

Ano ang Istratehiya sa Kapansanan ng Australya 2021 -2031?

Ang Istratehiya sa Kapansanan ng Australya 2021-2031 (Australia's Disability Strategy 2021-2031) (ang Istratehiya) ay isang pambansang balangkas na napagkasunduan ng lahat ng mga pamahalaan sa Australya. Nagtatakda ito ng plano para sa patuloy na pagpapabuti ng buhay ng mga taong may kapansanan sa Australya sa susunod na sampung taon. Papalitan at dadagdagan pa ng Istratehiya ang unang Pambansang Istratehiya sa Kapansanan 2010-2020.

Sinusuportahan ng Istratehiya ang pangako ng Australya sa ilalim ng United Nations Convention on the Rights of Persons with Disabilities (Kapulungan ng mga Bansang Nagkakaisa tungkol sa mga Karapatan ng mga Taong may Kapansanan).

Ano ang gagawin ng Istratehiya?

Ang pananaw ng Istratehiya ay para sa isang inklusibong lipunan ng Australya na tumitiyak na maaaring makamit ng mga taong may kapansanan ang kanilang kakayahan na kapantay ng mga miyembro ng komunidad.

Ang Istratehiya ay magsusulong ng pagbabago sa pitong bahagi ng mga kalalabasan:



Pagtatrabaho at pinansyal na seguridad:

Pagbibigay ng mga trabaho at oportunidad sa karera sa mga taong may kapansanan at pagtiyak na mayroon silang sapat na kita upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan.



Inklusibong mga bahay at komunidad:

Paramihin ang bilang ng maa-access, makakayang bayaran at mahusay na idinisenyong mga bahay at paglikha ng isang komunidad na inklusibo at maa-access.



Kaligtasan, mga karapatan at katarungan:

Pagtiyak na ang mga karapatan ng mga tao ay itataguyod, ipagtatanggol at poprotektahan, at dama ng mga taong may kapansanan na sila ay ligtas at pantay-pantay sa harap ng batas.



Personal at pangkomunidad na suporta:

Pagbibigay sa mga taong may kapansanan ng access sa mga suporta upang sila ay makapamuhay nang independiyente at makipag-ugnayan sa kanilang mga komunidad.



Edukasyon at Pag-aaral:

Sumusuporta sa mga taong may kapansanan na maka-access sa edukasyon at pag-aaral sa buong buhay nila upang makamit ang lubos nilang kakayahan.



Kalusugan at kagalingan:

Palakihin ang suporta at kakayahan sa sektor ng healthcare (kalusugang pangangalaga) upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan, at pagtiyak na isasali ang mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan sa paghahanda sa kapahamakan at mga pagtugon sa emerhensya.



Mga saloobin ng komunidad:

Pagkilala ng positibong kontribusyong ginagawa ng mga taong may kapansanan sa lipunan, at pagpapalaki ng tiwala sa komunidad upang makipagtulungan at makipag-ugnayan sa mga taong may kapansanan.



Paano makakamit ng Istratehiya ang mga pagpapabuti para sa mga taong may kapansanan?

Upang tulungan ang Istratehiya na mapabuti ang buhay ng mga taong may kapansanan, magkakaroon ng:



- Mga aktibidad na isasagawa ng mga pamahalaan upang maghatid ng Mga Prayoridad ng Polisiya na nasa ilalim ng bawat Bahagi ng Kalalabasan.



- Isang magkakasunod na Targeted Action Plans (Mga Plano ng Tinarget na Aksyon) na nagtutuo sa mga pamahalaan sa mga partikular na aksyon. Ang unang limang Targeted Action Plans ay tungkol sa pagtatrabaho, mga saloobin ng komunidad, early childhood, pamamahala ng kaligtasan at emerhensya.



- Pampublikong mga ulat taun-taon na susukat sa progreso at magpapakita kung saan pa kailangan ang karagdagang pagsisikap.



- Mga paraan para masabi ng mga taong may kapansanan sa mga pamahalaan kung ano sa palagay nila ang kailangang gawin ng Istratehiya. Kabilang dito ang isang Advisory Council (Lupong Tagapayo) na bubuuin ng mga taong may kapansanan at regular na mga pampublikong konsultasyon at pagpupulong na kasangkutan ng mga taong may kapansanan.

Sino ang kinonsulta ng mga pamahalaan tungkol sa Istratehiya?

Bilang bahagi ng pagbuo ng Istratehiya, kinonsulta ng mga pamahalaan ang mahigit sa 3,000 katao na may kapansanan at ang kanilang mga pamilya, kaibigan, tagapag-alaga at kinatawan.

Ang komento (feedback) mula sa mga konsultasyon ay mahalagang impluwensya sa Istratehiya.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Maaari mong basahin ang *Istratehiya sa Kapansanan ng Australya 2021 – 2031* at humanap ng karagdagang impormasyon sa www.disabilitygateway.gov.au/ads.

Ang Istratehiya at ang mga pangsuportang dokumento nito ay makukuha sa Easy Read, Auslan at mga nakasaling-wika.

Kung ikaw ay may anumang mga tanong tungkol sa Istratehiya, mangyaring mag-email sa australia'sdisabilitystrategy@dss.gov.au

Maaari kang humanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa United Nations Convention on the Rights of Persons with Disabilities sa www.un.org/development/desa/disabilities/convention-on-the-rights-of-persons-with-disabilities.html

